



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
The National Center for Teacher Education

POLICY BRIEF SERIES

VOLUME 8 | ISSUE 11 | 2024

PRINT ISSN: 2984-9063

ONLINE ISSN: 2984-9071

INSTITUSYONALISASYON AT PROPESYONALISASYON NG PAGSASALIN: KARANASAN AT KONTEKSTO NG LANGUAGE STUDY CENTER NG PNU

Ryan Dennis B. Callueng



Mga larawan ng birtuwal na palihan ng pagsasalin na itinaguyod ng PNU-LSC.

Nakasentro ang Policy Brief na ito sa institusyonalisasyon at propesyonalisasyon ng pagsasalin sa konteksto ng Philippine Normal University (PNU) na itinaguyod ng *Language Study Center (LSC)*. Layunin nito ang mailarawan ang naging aktuwal na karanasan ng LSC sa mga hamon ng teknikal na pagsasalin ng mga tanggapan at dokumento ng PNU sa mga Target Language (TL) na Filipino, Ilocano, Hiligaynon, at Cebuano-Agusan sa isang *online modality*. Ginamit ang *Process-oriented Research Approach on Translation* at mga *innovation procedure* (context-sensitivity at pro-activity) bilang pangunahing mga saligan sa sistematikong pagdisenyo ng pangkalahatang mekaniks ng pagsasalin ng LSC. Pundamental ang inisyatibang ito sa pagtataguyod ng pagsasalin bilang isang lehitimong larang, gawain, at propesyon sa loob at labas ng PNU. Parehong ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwalitatibo at kuwantitatibong metodo. Pagsuporta rin ito sa adbokasiya ng LSC sa pagsusulong ng multilinggwalismo sa PNU (Callueng at Parungao-Callueng, 2023).

Recommended Citation:

Callueng, R. D. B. (2024). Institusyonalisasyon at Propesyonalisasyon ng Pagsasalin: Karanasan at Konteksto ng Language Study Center ng PNU. *Policy Brief Series* 8 (11), pp. 1-5. Philippine Normal University Educational Policy Research and Development Office.



PNU Educational Policy Research and Development Office
(+632) 317-1768 loc 750 | eprdo@pnu.edu.ph | www.pnuresearchportal.org

INTRODUKSIYON

Isang hamon sa PNU ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika tuwing Agosto. Bilang pakikisangkot at pakikiisa sa nasabing taunang pagdiriwang, nakagawian na ang masigasig na pagsasa-Filipino ng mga opisyal na komunikasyon, mga pagpupulong at iba pang mga programang idinaraos sa pamantasan. Ganito rin ang matutunghayang senaryo tuwing isinasagawa sa wikang Filipino ang kabuoang daloy ng programa ng pagtatapos sa pamantasan. Bukod dito, bilang pagsuon sa direksiyon ng multilinggwalismo ng PNU, sinikap din ang pagtataguyod na maisalin ang parehong mga tanggapan at dokumento sa kinikilalang pangunahing mga lingua franca sa 3 kampus nito—ang Ilocano sa Hilagang Luzon, Hiligaynon sa Bisayas, at Cebuano-Agusan sa Mindanao.

Bagama't may naisagawa nang naunang salin sa Filipino ng mga tanggapan at dokumento ng PNU, kakikitaan pa rin ang mga ito ng magkakaibang bersiyon. Patunay lamang ito na sadyang “walang perpektong salin” (Burton, 1988, binanggit sa Buban, 2014, p. 125). Hindi ito maiiwasan dahil sa may iba't ibang oryentasyon at kalayaan ang tagasalin na magkaroon ng sariling “interpretasyon ng orihinal na teksto” (Coroza, 2018, p. 59). Ito ang nakitang malinaw na gap at naging hamon sa LSC sa gawaing pagsasalin sa PNU. Sa kaso ng salin sa Filipino, mahalaga ang pangangasiwa ng LSC sa muling pagrerebyu at pagsasalin ng nauna nang mga salin. Mainam na hakbangin ito upang “higit na kuminis at maging episyente ang pagsasalang teknika” (Almario, 2016, p. xxiv) sa PNU.

Kaugnay nito, malaki ang naging ambag ng naging karanasan sa aktuwal na palihan ng pagsasalin sa Filipino noong 2021 dahil nagsilbi itong pangunahing modelo sa isinagawang pagsasalin ng pareho ring mga teksto ng PNU sa Ilocano, Hiligaynon, at Cebuano-Agusan noong 2022. Ito ang nagbigay ng motibasyon sa LSC na magdisenyo ng sistematikong mekanismo ng pagsasalin na magagamit ng mga gurong tagasalin ng PNU. Naging layunin nito ang makapagbalangkas ng isang maituturing na functional na mga prosesong magsisilbing saligan upang matamo ang isang masinop na salin. At higit sa lahat, maitaguyod ang propesyonalisasyon at institusyonalisasyon ng pagsasalin sa PNU.

ANG PAGSASALIN BILANG ISANG GAWAIN, PROPESYON, AT LARANG

Batay sa “KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino”, nangangahulugan ang “gawain” na “anumang pinagkakaabalahan at ginagamitan ng pangkatawan o pangkaisipang pagpupunyagi upang mayari”. Hindi na lalayo ang diwa nito sa terminong “propesyon”. Sa katunayan, “hanapbuhay at gawain” ang mga depinisyon nito sa parehong diksiyonaryo. Samantala, nangangahulugan naman ang “larang” na “malawak na sakop ng isang gawain o disiplina; dibisyon ng akademikong karunungan” (KWF). Malinaw na ipinupunto lamang ng nabanggit na mga konsepto na lohikal na maituturing ang pagsasalin bilang isang larang, gawain, at propesyon.

Para kay Almario (1996), marapat lamang na ituring ang pagsasalin na “isang tangi at makabuluhang hanapbuhay o propesyon at sa tagasalin bilang isang eksperto o dalubhasa— isang taong may pinaagdaanang pormal na pagsasanay at aktuwal na karanasan—at may kakayahan at kaalamang hindi mapapantayan ng ibang eksperto sa ibang larangan” (p. 362). Isang malakas na argumento ito sa marubdob na pagsusulong sa propesyonalisasyon ng pagsasalin. Mahalaga ang ganitong pagturing upang magkaroon ng malawakang kamakayan, makatarungang pagtrato, at makapagbigay ng suportang legal sa mga gampanin, karapatan, serbisyo, benepisyo atbp. ng mga aktibong tagasalin sa ating bansa.

Sa kabilang banda, ipinaliwanag ni Buban (2014) na “magpahanggang ngayon, wala naman kasing anumang licensing agency sa bansa na nangangasiwa para sa propesyonalisasyon ng pagsasalin at wala ring anumang mekanismo sa kasalukuyan na maaaring magsilbing tagapagbantay o tagapangalaga ng kapakanan ng mga nagana na magtangka at sumabak sa gawaing pagsasalin” (p. 121). Para naman kay Fajilan (2021), “maraming ibinubungang iregularidad sa kapakanan ng mga tagasalin ang sitwasyong ito dahil sa pagpasok nila sa iba't ibang industriya, hindi nagiging malinaw ang klasipikasyon, gawain, kabayaran, at benepisyonang nararapat para sa kanila” (p. 81). Malinaw na ipinapahiwatig lamang ng mga pahayag ang kalunos-lunos na kalagayan o estado ng larang ng pagsasalin maging ng mga tagasalin sa ating bansa.

Kung suntok man sa buwan ang pagkamit sa hinahangad na pambansang propesyonalisasyon ng larang ng pagsasalin sa kasalukuyan, makapag-ambag pa rin ang PNU, sa tulong ng LSC, sa pamamagitan ng institusyonalisasyon nito mismo sa aming pamantasan. Mainam na hakbangin ito ng PNU na



nagpapakita ng inisyatiba nito sa pagsusulong ng propesyonalisasyon ng pagsasalin sa isang mikrokosmikong (microcosmic) lapit at saklaw. Isang paraan ito ng pagtataas at pagtatanghal ng PNU sa moral, estado, karapatan, benepisyo, at halaga ng mga gurong tagasalin nito at ng larang ng pagsasalin.

METODOLOHIYA

Naging pangunahing batayan ng pag-aaral na ito ang Process-oriented Research Approach on Translation na dinebelop ni Dancette upang maging organisado ang pagkalap at pagsuri ng mga datos. Para kay Dancette (2022), isa itong tradisyonal na pamamaraan o lapit ng pag-unawa sa pagsasalin na nakapokus sa mga hakbanging kasangkot o ginamit sa pagsasalin ng isang teksto. Mas nakapokus ang lapit na ito sa proseso kaysa sa awtput mismo ng pagsasalin. Kadalasang ginagamit din sa lapit na ito ang kuwalitatibo at kuwantitatibong metodo. Parehong ginamit ang mga ito sa pag-aaral upang epektibong mailarawan at maunawaan nang detalyado ang pangkalahatang prosesong ginamit sa pagtamo ng inaasahang awtput sa isinagawang pagsasalin.


Kaugnay nito, ibinatay ang pangunahing mga datos sa aktuwal na obserbasyon at ebalwasyon (sarbey) ng mga tagasalin at validator na lumahok sa nasabing proyekto. Upang mapalitan ang kabuluhan ng mga datos, dumaan ang mga ito sa isang masinsing coding. Nagresulta ito sa paglitaw ng mga pangunahing tema mula sa 2 kategorya ng mga impormasyong ibinahagi ng mga kalahok—ang mga mungkahi at rekomendasyon. Pundamental ang nabanggit na mga datos dahil nagsilbing batayan ang mga ito ng LSC sa pagdisenyo ng lohikal na interbensiyon at praktikal na inobasyon sa pangkalahatang mekanismo ng pagsasalin sa PNU.

PAGTALAKAY SA RESULTA

Gamit ang Process-oriented Research Approach at tematikong pagsusuri sa 2 kategorya ng datos, natukoy ang pundamental na mga tema. Sa kategorya ng mga mungkahi, lumitaw ang 4 na pangunahing tema ng may kinalaman sa proseso: daloy/proseso; oras/panahon; kolaborasyon at konsultasyon; at mga tuntunin/guideline (sa pag-eedit at pagsasalin). Samantala, nahati naman sa 4 na pangunahing tema ang mga rekomendasyon: pagsasagawa ng pananaliksik; mga tekstong isasalin (pampanitikan, teknikal, at awdyo-biswal); mala-wakang paggamit ng awtput ng pagsasalin; at pag-imbata/pagkonsultang mga eksperto sa labas (e.g., tagasalin, validators, atbp.).

Matapos matukoy ang mga tema mula sa mga mungkahi at rekomendasyon ng mga kalahok, inilapat ang mga ito sa 2 pamamaraan ng inobasyon: ang context-sensitivity at pro-activity (Vilches, 1999). Tumutukoy ang una sa pagkakaroon ng malalim na pang-unawa sa umiiral na sitwasyon. Samantala, pagpapanukala ng inobasyon para sa nararapat na area o aspekto na batay sa isinagawang kolaborasyon at konsultasyon sa pagitan ng tagaloob at tagalabas ang pangalawa. Bagama't orihinal na ginamit ito sa konteksto ng pagtuturo ng wika sa klase, mainam din itong ilapat sa konteksto ng gawaing pagsasalin.

Dagdag pa ni Vilches (1999), panghuling yugto ng inobasyon ang pagdedesiyon (decision-making). Sa yugtong ito, kahingian ang pagiging malikhain ng innovator upang makadiseno ng gawaing umaangkop sa kinalabasan o natuklasan at sa realistikong kaligiran. Sa yugtong ito, pumasok ang LSC bilang innovator at tagadiseno ng mekanismo ng pagsasalin sa PNU. Tingnan ang Dayagram 1 para sa nabuong pangkalahatang disenyo ng mekanismo ng pagsasalin ng PNU-LSC.



Dayagram 1: Ang Pangkalahatang Mekanismo ng Pagsasalin ng PNU-LSC

Tingnan ang kawing para sa kabuoang detalye ng nabuong mekanismo:

https://drive.google.com/file/d/1ZuNr7-LOixHRpAddAa3j4NZXkZXoza/view?usp=drive_link

KONGKLUSYON

Maituturing na pundamental at instrumental ang pagkakaroon ng sistematikong mga proseso sa pagsasalin ang LSC upang matamo ang kasinupan at konsistensi sa pagsasalin ng mga teksto. Naging pangunahing mga elemento ng nabuong mekanismo ng pagsasalin ng LSC ang sumusunod: mga tagasalin; mga tekstong isasalin; mga patnubay; at mga proseso.

Sa kabuoan, napakahalagang hakbangin ito ng LSC sa progresibong institusyonalisasyon ng pagsasalin sa PNU. Kasabay nito ang praktikal na pagtataguyod ng intelektuwalisasyon ng Filipino at ng mga rehiyonal na wikang umiiral sa mga kampus nito. Isang makabuluhang inisyatiba rin ito sa pagsusulong ng adbokasiyang mapataas at maitanghal ang moral, estado, karapatan, benepisyo, at halaga ng mga tagasalin at ng pagsasalin sa isang mikrokosmikong lapit. Mahalagang magsimula ang aktuwal na pagsasabuhay nito sa PNU upang may integridad at kredibilidad itong makisangkot sa aktibong pagsuporta sa pambansang propesyonalisasyon ng pagsasalin. Wika nga nila, “You can’t give what you don’t have.”

MGA REKOMENDASYON PARA SA POLISIYA NG INSTITUSYONALISASYON AT PROPEYONALISASYON NG PAGSASALIN SA PNU

Mula sa aktuwal na naging mga karanasan ng LSC sa isinagawang palihan ng pagsasalin, narito ang nabuong mga rekomendasyon:

1. Magkaroon ng sariling opisina o sangay ang pagsasalin na pangunahing napakapokus lamang sa lahat ng mga gawaing pagsasalin sa PNU. Magsisilbi itong tagapag-ugnay sa mga gurong tagasalin at tagapangasiwa ng mga gawaing pagsasalin sa loob at labas ng ating pamantasan.
2. Gamitin ang nabuong mekaniks ng pagsasalin ng LSC sa buong sistema ng PNU. Ipagpatuloy rin ang nasimulang gawaing pagsasalin ng iba pang opisyal na mga teksto/dokumento ng PNU tungo sa Filipino, Ilocano, Hiligaynon, Cebuano-Agusan atbp. (e.g., sertipiko, himno atbp.).
3. Kilalanin ang pagsasalin bilang isang lehitimong propesyon, gawain, at larang sa pamamagitan ng pormal na institusyonalisasyon nito mismo sa PNU. Kaugnay nito, mahalagang may malinaw na mga probisyon hinggil sa pagkilala, serbisyo, pondo, at benepisyo/insentibo (e.g., honorarium atbp.) ng internal at eksternal na mga gurong tagasalin.

4. Opisyal na gamitin, na suportado ng isang memo at iba pang legal na kaparaanan, ang isinaling mga tanggapan, dokumento atbp. sa Filipino sa buong sistema ng PNU. Ganito rin ang hakbangin sa mga tekstong naisalin sa Ilocano, Hiligaynon, at Cebuano-Agusan sa mga kampus nito.
5. Napapanahon na ring imungkahing rebisahin nang may konsultasyon mula sa buong komunidad ng PNU ang ilang mga probisyong nakasaad sa opisyal na patakarang pangwika nito na nailathala noong 1996. Mahalagang may malinaw at makabuluhang mga probisyon ito sa pagsasalin at multilinggwalismo.
6. Maliban sa pagiging isang espesyalisasyon lamang ng mga medyor ng Bachelor in Filipino Education ang kursong “Panimulang Pagsasalin”, inirekomendang maaaring maging bahagi ito ng Gen Ed o Elective. Maituturing na isang bentahe ang pagkakaroon ng pormal na batayang kaalaman at kasanayan sa pagsasalin ang mga mag-aaral sa PNU na magagamit nila sa kani-kanilang disiplina sa hinaharap.



SANGGUNIAN

- Almario, V. (Ed). (1996). *Patnubay sa pagsasalin*. NCCA.
- Almario, V. (2016). *Batayang pagsasalin: Ilang patnubay at babasahin para sa baguhan*. KWF.
- Coroza, M. (2018). *Pampanitikang gawain ang pagsasalin. Sa Monograp 11 ng Aklat ng Bayan* (pp. 32-60). KWF.
- Buban, R. (2014). *Ang Pagsasaling teknikal: Pagsipat sa praktika at pagpapahalaga*. *Malay*, 26(1), pp. 117-127.
- Callueng, RDB. & Parungao-Callueng, ES. (2023). *From the ground up: Language study center's advocacy for the future of multilingualism in the country*. Policy Brief Series 7(1), pp. 1-6. PNU EPRDC.
- Dancette, J. (2022). *Process-oriented research in translation. The Translation Initiative-Teaching and Training*.
- Fajilan, W. (2021). *Higit pa sa raket!: Pagtatasa sa mga pangangailangan ng pagsasalin bilang isang propesyon sa pilipinas batay sa karanasan at saloobin ng piling tagasalin sa metro manila*. *Malay* 34(1), pp. 80–91.
- “KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino.”
<https://kwfdiksiyonaryo.ph>
- Vilches, ML. (1999). *The Johari Window of the language classroom: Identifying potential zones for innovation*. Sa E. Castillo (Ed.) *Educating via language* (pp. 179-188). DLSU Press.

Tungkol sa May-akda

Dating Puno ng *Language Study Center* si **Ryan Dennis B. Callueng** (callueng.rdb@pnu.edu.ph). Kasalukuyang fakulti rin siya ng Filipino (Linggwistika, Pagsasalin, atbp.), Rehiyonal na Wika, at wikang Hapon sa *Faculty of Languages and Literature* ng PNU-Maynila



The PNU Educational Policy Research, and Development Office

The EPRDO is a specialized research center in the University focused on policy research and studies on teacher education. It is established to provide research-based policy recommendations to policy makers. It also serves as the clearing house for all data relevant to teacher education in the Philippines and beyond.

Vision

The Philippine Normal University through the EPRDO aims to be an innovation hub of teacher education research and educational policy studies.

Mission

To strengthen the culture of excellence in teacher education research and educational policy studies.

Objectives

The EPRDO shall manage the University's research production, enhance human resource capabilities, and share expertise to other Teacher Education Institutions (TEIs) in the area of teacher education research

Strategies

1. Establish and maintain a web-based university research portal that facilitates automated research management systems, and which also serves as the database of teacher education policies and teacher education research in the country and Southeast Asia.
2. Share research expertise and competence in teacher education research with other TEIs throughout the country;
3. Develop and disseminate the University research agenda
4. Design and implement the research capability program for faculty and staff;
5. Manage University's research production particularly the conduct of educational policy studies in education and teacher education; and
6. Serve as the implementing arm for research incentives and research ethics review.

Values

SYNERGY (Working collaboratively as a team)

EFFICIENCY (Delivering research services efficiently)

EXCELLENCE (Achieving high quality research outputs)

PRODUCTIVITY (increasing research production of the University)

The **Policy Brief Series** aims to provide observations, analyses, and insights by PNU faculty and researchers on various educational policy issues. The views contained in the policy briefs are those of the authors and do not necessarily represent the official views of the University.

The **Policy Brief Series** is published monthly by the **Philippine Normal University Educational Policy Research and Development Office** (PNU-EPRDO). The PNU-EPRDO oversees the editing, compiling, and printing of the policy brief.

Editors

Term 1, SY 2024-2025

Heidi B Macahilig, PhD
Director

Allen A Espinosa, PhD

Nikolee Marie A Serafico-Reyes, PhD

Arlyne C Marasigan, PhD
Fellows

Bhejay L. Molera

Seth R. de Guia
Support Staff

Address

Room 205, Pedro Orata Hall
Philippine Normal University, Manila, Philippines 1000

<https://www.facebook.com/pnueprdo>

